

PALAYOK-PALAYUKAN PARA KAY CARLITO

Eugene Y. Evasco

Inggit na inggit si Carlito sa mga kapatid niyang babae. Isinasama kasi sila sa pamamalengke. Katulong sila ng kanilang lola sa pagluluto. At kapag oras ng pahinga, masaya silang naglalaro ng palayok-palayukan sa kanilang hardin.

Gustong-gusto ni Carlito ang makasali sa luto-lutuan. Marami siyang gustong iluto. Magiging pambalot niya ng lumpia ang dahon ng kaimito at ang laman nito ay ang iginisa niyang buhangin. Maglalaga siya ng mga bagong-pitas na gumamela.

Minsan na siyang nabulyawan ng kanilang kapitbahay. Nahuli siya ni Aling Toyang na namimitas ng mga paboritong tanim na gumamela. Mamahalin yata ang mga gumamelang iyon dahil kakaiba ang mga kulay—may puti, dilaw, at saka kahel.

“Antonia!” bulyaw ni Aling Toyang sa kanilang tarangkahan. “Nasaan ang apo mo? Pagsabihan mong huwag na huwag kakalbuhin ang mga tanim ko.”

Humingi ng paumanhin ang Lola. Matagal nang magkaibigan ang magkapitbahay at ngayon lang nagkaroon ng munting sigalot ang kanilang ugnayan. “Papalitan ko na lang ang mga napitas. Ano bang gusto mo sa mga pananim ko?” Inaya niya ang kaibigan sa kanilang hardin upang makapamilya ng napupusuang tanim.

Nang humupa na ang kaniyang galit sa tulong ng mga nakatanim sa mga paso, itinuro ni Aling Toyang ang isa sa mga bonsai na bougainvillea.

“Kung di lang kita kaibigan, hindi ko iyan ibibigay sa iyo,” biro ni Lola Antonia.

Masayang naghuntahan ang magkaibigan tungkol sa paghahalaman. Ganu’n yata ang pagkakaibigan: hindi nagtanim ng sama ng loob.

Nang makaalis si Aling Toyang, hinanap ng lola ang kaniyang apo.

“Mali ang ginawa mo, Carlito,” pangaral ng lola. “Hihingi ka dapat ng permiso sa pagkuha ng mga bagay na hindi sa iyo. Saka mas mainam ang mga bulaklak kapag tinitingnan lang at hindi pinipitas. Aanhin mo ba ang mga bulaklak, apo?”

Nahihiyang ipinakita ni Carlito ang dinikdik niyang mga talulot ng gumamela. “Magluluto kasi ako ng dinengdeng. Malapot ang katas ng bulaklak na ito.”

“Dinengdeng? Mga dahon ng saluyot ang kailangan mo at hindi gumamela.” Lihim na natawa ang lola sa narinig. Naalala niya noong bata pa sila na nagdidikdik din ng gumamela para ihalo sa sabon. Kay raming bula ang kanilang pinapakawalan noon at tinatangay ng hangin.

Ang gustong-gusto talaga ni Carlito ay palayok-palayukan. Sa isip niya, kumukulo ang sopas sa kaniyang munting palayok. Nagpiprito siya ng tinapa sa kawaling luad. Nakasandok na ang kanin sa munting bandehado. Hinding-hindi siya mauubusan ng panggatong.

Pagkatapos, siya ang mag-aayos ng hapagkainan. Maglalagay siya ng mga bulaklak ng makahiya sa gitna ng mesa, katabi nito ang isang basket ng mga laruang prutas. Tatawagin niya ang kaniyang mga kapatid at sila’y kakain na.

“Gusto mo ng palayok-palayukan?” pagtataka ng kaniyang ate.

“Hindi ka bagay rito,” sabi ng isa pa niyang kapatid. “Doon ka sa mga kaibigan mo.”

“Ayaw mo bang maglaro ng yoyo at kotse-kotsehan?” alò ng lola nang mapansing nagmumukmok ang kaniyang apo.

Sa kanilang pamilya, ang kusina ay isang espesyal na bahagi ng tahanan. Hindi lahat ay maaaring makakapasok dito hangga’t ang kanilang lola ang namamahala sa pagluluto. Palayok-palayukan sana ang magiging pagsasanay ni Carlito para makatuntong sa kusina. Dito siya magsasanay para makatulong sa kaniyang lola.

Negosyo ng kanilang lola ang pagluluto. Maraming nagpapeluto sa kanila, kadalasa’y mga kapitbahay—tatlong bilao ng pansit para sa kaarawan, maraming llanera ng leche flan at halaya para sa mga pista, at kawan-kawan ng menudo, sisig, at pochero para sa mga espesyal na okasyon gaya ng pagtatapos at anibersaryo.

Kapag panahon ng simbang-gabi, naglalakbay ang kusina ng kanilang lola sa tabi ng lumang simbahan. Kilala si Lola Antonia sa kaniyang espesyal na salabat, bibingkang may nagmamantikang itlog na pula, at saka puto-bumbong na may muscovado at mantekilya. Tiyak na gaganahang gumising nang maaga ang mga mananampalataya upang maabutan ang mga panindang kakanin at inumin ng lola.

Hindi pinapayagan si Carlito na pumasok ng kusina. Hindi raw ligtas sa mga batang tulad niya ang manatiling malapit sa kalan. Baka mapaso siya ng apoy, mabuhusan ng kumukulong sabaw, o kaya’y matalisikan ng mainit na mantika.

Pero hindi mapigilan si Carlito. Lagi siyang nasa isang sulok ng kusina para magmasid kung paano lumilikha ng mga mahiwagang lasa. Manghang-mangha siya sa mga nasasaksihan. Mas lalong sumasarap ang leche flan kapag lalagyan ito ng kinudkod na balat ng dayap sa ibabaw. Lumilinamnam ang ginataang haluhalo dahil sa hinog na piraso ng ginintuang langka. At ang isa sa pinakapaborito ni Carlito ay ang maamoy ang binubusang munggo.

Sumasabog ang amoy nito kapag dinidikdik at inihahalo sa ginataang malagkit.

Noong bisperas ng pista, gulat na gulat si Carlito nang pinayagan siyang tumulong sa kusina. Siya ang naatasang maghimay ng nilagang karne ng manok para sa pancit bihon. Iyon ang pinagawa sa kaniya dahil alam ng kaniyang lola na hindi niya iyon papapakin. Hindi tulad ng kaniyang mga kapatid na halos mangalahati ang panggisang manok bago pa man maging pansahog sa niluluto.

Isang araw, pinasalubungan si Carlito ng kaniyang mga pinsan ng isang kahon ng mga gagamba.

“Anong gagawin natin dito?” pagtataka niya habang sinisilip ang loob nito.

“Ipanlalaban natin sa iba. Magiging kampeon ang gagamba mo.”

Kumuha sila ng patpat. Inilabas nila ang mga gagambang pansabong.

“Huwag!” sabi ni Carlito. “Magkakasakitan lang sila.”

Agad siyang umalis at naghanap ng mapipitas na mga dahon sa kanilang taniman. Nakapitas siya ng ilang dahon ng talinum, alugbati, at pansit-pansitan. Sa araw na iyon, nagpasya si Carlito na gumawa ng sariling palayok-palayukan. Kaya naghanap siya ng mga bao at mga itinapong tansan. Naghanap siya ng tatlong magkakasinlaking bato para maging salangan ng paglulutuang bao.

“Hindi iyan bagay sa iyo,” sabi ng kaniyang pinsan na palihim palang nagmamasid sa kaniya.

“Ano bang masama sa laruan ko?” pagtataka ni Carlito.

“Itanong mo na lang sa tatay mo,” misteryosong tugon ng pinsan.

Pagkatapos niyon, ipinahiram ng pinsan kay Carlito ang mga laruang espada at baril-barilan. Nag-ensayo silang parang mga mandirigma,

nagsanay sila ng tamang pag-asinta.

Maghapon silang naglaro. Ginaya nila ang mga napapanood sa pelikula. Kunwari’y mga sundalo silang ipagtatanggol ang kanilang bayan laban sa mga dayuhang mananakop. Hinabol nila ng espada ang salbaheng asong tinatahulan ang ligaw na kuting. Nagtago sila sa talabihan at binantayan ang mga nakadapong tarat at kilyawan sa punong mangga. Pakiramdam nila, sila ang mga napapanood sa telebisyon na nagbabantay sa kaligtasan ng mga hayop sa kagubatan. “Kaya mo naman pala ng ganitong laro,” natutuwang sabi ng pinsan kay Carlito.

Pero may ibang gusto si Carlito. Gusto niyang tumikim-tikim ng mga nilulutong pagkain ng kaniyang lola. Bakit minsan, masarap ang mapait gaya ng ginisang ampalaya at papaitan? Bakit tumitingkad ang lasa ng adobo kapag nilagyan ng isang kutsarang asukal?

Gusto niyang maghiwa-hiwa ng mga sariwang sangkap. Gusto niyang maghalo-halo ng sari-saring lasa. Gusto niyang tulungan ang lola sa pagpapaikot ng gilingang-bato habang iniluluwal nito ang galapong. At gusto niyang matutuhan lahat ng sikreto sa pagluluto ng kaniyang lola—ang napakalambot na kalamay, ang gatang hindi namumuo-muo kahit pinakuluan, at ang adobong karne na natutunaw sa bibig.

Ang ambisyon ni Carlito ay makatuklas ng mga pambihirang lasa at ipatikim ito sa kaniyang pamilya. At tulad ng mga hinahangaan niyang scientist, balang-araw ay makakadiskubre siya ng mga lasang hindi pa natitikman. Ipapares niya ang lasang ito sa mga kilalang lasa para makalikha ng natatanging linamnam.

Kapag kumakain ng bagong putahe si Carlito, nasasabik siyang alamin ang mga sangkap nito. Aamuyin niya ang nilutong dinuguan ng kaniyang tiya at saka niya ito nanamnamin. Ilang sandali pa, nasasabi na niya ang lahat ng mga rekado. “Nawala ang lansa dahil sa tanglad. Manamisanamis ang sabaw dahil sariwa ang dugo at agad niluto.”

Nabigla ang kaniyang tiya. Bakas sa mukha nito ang pagmamalaki. “Nanay,” tawag nito sa lola ni Carlito, “matalas ang panlasa ng pamangkin ko. Walang maililihim sa kaniyang dila. Kanino kaya nagmana?”

“Hindi sa akin,” natatawang sabi ng tatay ni Carlito.

Nagtawanan silang lahat sa hapagkainan. May reputasyon ang tatay ni Carlito na mahilig kumain pero walang alam sa pagluluto. Kahit may edad na ang tatay ni Carlito, bata pa rin ang tingin dito ni Lola Antonia. “Napabayaang kita sa kusina dati pero hindi ka nga makapaglaga ng tubig. Nagtataka ako kung paano ka nabuhay noong nag-aral ka sa Maynila. Lagi ka sigurong kumakain sa karian.”

Napatingin ang lahat kay Carlito na ninanamnam ang bawat putahe. Napapapikit siya kapag may nalalasang malinamnam. May kung anong sumasabog sa loob ng bibig na nagpapasaya ng kaniyang damdamin.

Unti-unti nilang nakikilala si Carlito na mahilig sa pagkaing masasarap. Mabagal siyang kumain, hindi dahil sa pihikan siya o mapili sa kinakain kundi sa paliwanag na “kung pinag-iigihan ang pagluluto, pag-iigihan din dapat ang pagnamnam.” Narinig niya itong sinambit ng kaniyang lola nang mapansing halos nilulunok ng kaniyang mga kapatid ang napakasarap na ulam.

Kapag hindi magana ang kaniyang mga kapatid, nilalagyan ni Carlito ng dahon ng pandan ang sinaing. Babango ang mainit-init na kanin at tiyak na gigisingin nito ang nahihimbing na gana.

Kapag masakit ang sikmura ng kaniyang lola, maghahanda si Carlito ng tsaang may sikreto niyang sangkap na siya ang tumuklas. Kung may angking sustansiya ang mga halaman, may taglay din itong lunas sa mga karamdaman.

Kaya gustong-gusto ni Carlito ang palayok-palayukan. Sa kaniyang isip, siya ang hari ng kusina. Siya ang maghahanap ng mga sariwang sangkap.

Itatalâ niya sa kaniyang kuwaderno ang mga sikretong sangkap at paraan ng pagluluto. Ang kaniyang mga lutui'y maamoy hanggang sa liwasan.

Isang umaga, natambakan ng mga gawain ang kanilang lola. Tinawag niya si Carlito na nasa isang sulok at lagi siyang pinapanood. "Handa ka na ba?" bulong ng lola.

Ibinigay sa kaniya ang isang bilao ng sibuyas, sandosenang bawang, at ilang biyak na niyog.

Maliksi ang mga kamay ni Carlito. Natadtad niya nang pinong-pino ang mga sibuyas. Nadikdik niya ang mga bawang. Nakudkod niya ang mga niyog at saka naggata. Kahit naghalo-halo ang amoy sa kaniyang mga daliri, masayang-masaya ni Carlito. Pinatunayan niyang bagay na bagay siya sa kusina.

"Gusto ko talaga ng palayok-palayukan, Lola," hiling ni Carlito.

"Tamang-tama!" agad namang sagot ng lola. "Mahilig kang magluto at maaasahan ka dito sa kusina."

"Pero hindi raw para sa akin ang luto-lutuan," malungkot na paliwanag ni Carlito. "Pinagtatawanan nila ako."

"Sino ang nagsabi sa iyo niyan?" pagtataka ng lola.

"Sina ate at mga pinsan ko," sumbong ng bata.

"Huwag mo silang intindihin!" agad na sabi ni lola. "May mga bagay na hindi maiintindihan ng iba dahil nasanay na sila sa mga lumang paniniwala."

"Pero puwede naman sigurong silang magbago," pagtataka ni Carlito.

"Puwedeng-puwede," pagbabagi ng lola. "Alam mo, apo, ang tatay ko'y isang tanyag na maglilitson sa aming probinsiya. Hindi kailangan ng sarsa ang litson niya dahil malasang-malasa ito. Ang kapatid ko'y isa namang

panadero. Hindi pa man nagtatanghali, ubos na agad ang mga tinapay niya. At ang aking tiyo ay ang pinakamagaling na tagaluto ng siopao asado at lumpiang sariwa sa Binondo.”

Sumigla ang mga mata ni Carlito. Parang nakatikim siya ng malinamnam na ulam.

“Gusto ko ring maging katulad nila,” pahayag ng bata.

“Nasa ating dugo ang husay sa pagluluto,” sabi ni lola. “Pero mag-iingat ka lang sa apoy at sa talim ng kutsilyo.”

Kinabukasan, bago pa man sumikat ang araw, nagtungo ang maglola sa palengke. Naghanap sila ang pinakasariwang karne para sa adobo, sinigang, at inihaw. Inamoy-amoy ni Carlito at itinabi ang mga hiwa ng karneng may masamang amoy. Naalala niya ang laging sinasabi ng lola, “Ang sikreto sa pagluluto ay ang paghahanap ng maiinam na iluluto.”

Tumatak iyon sa alaala ni Carlito. Hinding-hindi siya magluluto ng lumang karne, lantang gulay, o nabubulok na bunga. Mas sariwa ang mga sangkap, mas buhay ang mga lasa at mas malinamnam ang mga lutuin.

Nagtungo sila sa prutasan. Tumambad kay Carlito ang bundok-bundok na rambutan, lansones, durian, at pinya.

“Suki! Suki!” masiglang tawag ng mga tindera sa kanila.

Mahiwagang pook ang palengke. Magkakakilala ang mga tindera at mamimili. Nagiging magkaibigan sila at bahagi na ng pamilya. Nabubuo ang tiwala nila sa isa’t isa na pinagtibay ng mabubuting paninda.

Lumapit ang maglola sa suking tindera. Para na siyang magkamag-anak. Inalok ng tindera ang bata ng ilang pirasong lansones. Simula nang mabasa ni Carlito ang alamat nito, naging paborito niya ang lansones. Ayon sa alamat, alay ng Birheng Maria ang bungang ito sa mga tao noong may matinding gutom sa bayan dulot ng tigang na bukirin. Tinanggal niya ang lason sa pamamagitan ng pagkurot sa makatas nitong laman.

Tumikim-tikim si Carlito at sinabi sa lola ang mga dapat bilhin. “Hinog sa puno ang mga ito, Lola,” sabi niya. Itinuro niya ang mga itim na langgam sa buwig ng lansones. Kahit nga langgam, alam na alam na napakatamis ng mga bunga.

Nagawi sila sa bigasan. Para kay Carlito, ito na ang paborito niyang bahagi sa palengke. Manamis-namis ang amoy ng paligid—amoy ng giniling na palay. Bago bumili ng bigas, sinuri ni Carlito kung buo ang mga butil nito at kung may gumagapang na mga bukbok. Alam na rin niya ang nababagay na bigas sa iba’t ibang putahe—sinandomeng, laon, dinorado, at malagkit.

Sa isang sulok ng palengke, katabi ng bigasan at tindahan ng bagoong at mantika, nandoon ang nagtitinda ng palayok-palayukan. Nasa bilao ang mga laruang ito at naghihintay ng mga bagong batang aangkin sa kanila.

“Gusto mo ba?” tanong ni Lola.

Nahihiyang sumagot si Carlito. Kahit hindi siya magsalita, alam na alam ng kaniyang lola ang sagot. Binili ito ng lola para sa apo.

“Nabasag ba ang dati ninyong ganito?” usisa ng tindera.

“Hindi,” sabi ng lola. “Para iyan sa aking apo.” At saka niya itinuro niya si Carlito.

Ngumiti ang tindera. Isang ngiti na walang masamang ibig sabihin. Ngiting walang talim na nakakagalos. Isang dalisay na ngiti. “Magkakasundo sila ng anak kong lalaki. Mahilig din siya sa palayok-palayukan. Siya nga ang nagpinta sa mga ito.”

Ibinalot ng tindera sa papel na supot ang isang set ng palayok-palayukan. Kulay berde at may disenyong alon-alon ang palayok, kalan, at kawali. May basket din itong kasama na yari din sa luad. At may mumunting prutas pa!

“Para sa munting kusinero,” sabi ng tinderang iniabot sa bata ang laruan.

Maingat itong tinanggap ni Carlito. Para siyang isang batang nakatanggap ng alagang tuta o kuting.

Pagdating ng bahay, nagtawanan ang mga kapatid ni Carlito.

“Baka gusto mo na rin ng manyika,” pagbibiro ng kaniyang mga kapatid.

“Hindi ko gusto ang ganyang biro,” galit na wika ng lola.

“Gusto ko ito,” sabi ni Carlito, “dahil gusto kong magluto.”

Nang maisalansan na ng lola ang mga pinamili, nagpahayag siya sa buong mag-anak.

“Sa mga apo ko, si Carlito ang nagmana sa akin,” paliwanag ng lola. “Magmula ngayon, mag-aaral siya sa akin ng mga lumang lutuin, ng mga pagkaing nakagagaling, at ng mga pagkaing magbibigay-kabuhayan sa atin.”

Lumipas man ang maraming panahon ng mangga at lansones, hinding-hindi malilimutan ni Carlito ang kaniyang palayok-palayukan. May mga laruang napaglipasan ng mga bata, nawawala sa uso, at saka kinakalimutan. Pero hindi itong palayok-palayukan ni Carlito. Sa katunayan, ang lumang laruang ito ay nakadispley pa sa kanilang sala, kasama ng ibang mamahaling banga at porselana.

Pero ngayon, sa totoong palayok na nagluluto si Carlito, gamit ang mga kahoy na panggatong. Nasa totoong palayok ang mga lutuin niyang sinaing na tulingan, sinampalukang manok, paksiw na bangus, pinangat, sinanglay, at pesang dalag. Binabalik-balikan ang mga ito sa kaniyang restoran. Maraming gustong makatikim ng mga lasa ng nakalipas na panahon.

“Bakit diyan pa rin kayo nagluluto?” pagtataka ng mga anak.

“Papa, ayaw n’yo ba ng regalo ko sa inyo noong Pasko?” Tinutukoy niya dito ang mga metal na kawali at kaldero.

“Mas nanunuot ang sarap kapag niluto sa mga palayok. Hindi na kailangan ng pampasarap na tinataktak. Mamaya, ipatitikim ko sa inyo,” pagmamalaki niya.

At totoo nga. May kakaibang lasa ang mga lutuin ng tatay. Iba ang lasa ng mga niluto sa palayok at sa mga kahoy na panggatong.

Ang mga anak ni Carlito ay lumaki sa loob ng kusina, kasama ang kanilang tatay. Hindi masalita ang ama. Bibihira itong magkuwento. Marahil, noong kabataan niya’y mas nanaisin pa niyang manatili sa kusina at magluto. Hindi mga kababata ang kaniyang kaibigan kundi ang kaniyang lola at iba pang kusinera sa kanilang bayan.

Paraan ng pagpapahayag niya ng pagmamahal ay sa pamamagitan ng pagluluto:

Tuwing may magkakasakit na anak, nagluluto siya ng espesyal na arroz caldo;

Tuwing malakas ang buhos ng ulan, tiyak na tinolang manok na sagana sa luya, dahon ng sili, at papaya ang kaniyang ihahain.

At tuwing papasok sa paaralan ang mga anak, gigising nang maaga ang tatay para magluto ng mga espesyal na baon na may iba’t ibang nakatutuwang disenyo bawat araw. Hindi nahihiyang magbaon ang mga anak kahit pa uso ang kumain ng fastfood sa kantina.

Totoo ang malinamnam na kuwentong ito. Ipatikim ko pa sa inyo ang mga lutuin ng lolo kong si Carlito.